8

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 4

Aralin

7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 4: Aralin 7 (Linggo 8)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Kristine I. Patoc

**Tagasuri:** Noel A. Ybanez

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**VALUES EDUCATION / IKAAPAT NA KUWARTER / BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pagunawa sa pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga sariling tungkulin sa pakikilahok ng pamilyang kinabibilangan sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan upang malinang ang pakikiisa. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pakikiisa sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng mga programa na maaaring lahukan ng pamilya na tumutugon sa kapayapaan at kaligtasan ng mamamayan<br>1. Nailalapat ang mga sariling tungkulin sa pakikilahok ng pamilyang kinabibilangan sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan |
| **C. Lilinanging Pagpapahalaga** | Pakikiisa *(Cooperation)* |
| **D. Nilalaman** | Pakikilahok ng Pamilya sa mga Gawaing Pangkapayapaan ng Bayan<br>1. Pagsasanay ng mga Sariling Tungkulin sa Pakikilahok ng Pamilyang Kinabibilangan sa mga Gawaing Pangkapayapaan |
| **E. Integrasyon** | |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**

Berents, H., & McEvoy-Levy, S. (2015). Theorising youth and everyday peace (building). Peacebuilding, 3(2), 115-125.
CarePhilippines. (n.d). https://care-philippines.org/
Cardozo, M. L., Higgins, S., Maber, E., Brandt, C. O., Kusmallah, N., & Le Mat, M. (2015). Literature review: Youth agency, peacebuilding and education. Amsterdam: Research Consortium Education and Peacebuilding.
Conciliation Resources. (2018, January). Five ways to support youth inclusion in peacebuilding. https://www.c-r.org/news-and-insight/five-ways-support-youth-inclusion-peacebuilding
Gordon, S. (2024, April 24). The Connection Between Cleanliness and Mental Health. VeryWellMind. https://www.verywellmind.com/how-mental-health-and-cleaning-are-connected-5097496
Global Peace Fondation. (2014, June 1). Peace Starts in the Family. https://globalpeace.org/peace-starts-in-the-family/

Global Peace Foundation Philippines. GPF Philippines. http://www.globalpeacephilippines.org/about-gpf/
Kris For Peace. (n.d) https://www.krisforpeace.org/
Lopes Cardozo, M. T., Higgins, S., Maber, E., Brandt, C. O., Kusmallah, N., & Le Mat, M. L. (2015). Literature review: Youth agency, peacebuilding and education. Research Consortium Education and Peacebuilding, University of Amsterdam.[online] Available at: http://learningforpeace. unicef. org/wpcontent/uploads/2015/05/Youth-Literature-Review-May15. pdf [Accessed 02 April 2013].
Mindanao Peacebuilding Institute Foundation, Inc. (n.d). Partners in the Philippines. https://www.mpiasia.net/aboutus/partners/philippinepartners.html
Nonviolent Peaceforce. (n.d). https://nonviolentpeaceforce.org/where-we-work/philippines/
TheYouthCare. (2021, October 5). The Role of Youth in Peacebuilding and Conflict Resolution. https://www.theyouthcafe.com/perspectives/the-role-of-youth-in-peacebuilding-and-conflict-resolution
YouthPower. (2016, December 7). Six Ways to Successfully Engage Youth in Peacebuilding. https://www.youthpower.org/resources/six-ways-successfully-engage-youth-peacebuilding

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Layunin: Mapalalim ang pang-unawa sa kahalagahan ng pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan at kung paano ito nakakatulong sa pagpapaunlad ng komunidad.<br><br>**PAGTANAW SA KAPAYAPAAN SA KOMUNIDAD**<br>Panuto: Talakayin ang resulta ng iyong obserbasyon gamit ang mga sumusunod na gabay na tanong:<br>1. Ano ang mga gawaing pangkapayapaan na iyong nakita?<br>2. Paano nakakatulong ang mga gawaing ito sa komunidad?<br>3. Ano ang iyong natutunan mula sa iyong mga obserbasyon? | **Unang Araw**<br>**Pagkuha ng Dating Kaalaman**<br>**Maikling Balik-aral**<br>1. Hatiin ang klase sa maliliit na pangkat *(pair, triad)*. Bigyan sila ng limang minuto upang talakayin sa isa't isa ang naging resulta ng kanilang obserbasyon batay sa mga gabay na tanong. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>Layunin: Matimbang ang mga kilos na naaayon sa tungkulin sa pakikilahok ng pamilyang kinabibilangan sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan. | **Unang Araw**<br>**Paglalahad ng Layunin**<br>**Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Kilos Ko, Ranggo Ko**<br>**Mga Posibleng Kasagutan sa mga Pamprosesong Tanong:** |

**KILOS KO, RANGGO KO**

Panuto: Basahin ang bawat pahayag at maglagay ng numero sa kaukulang patlang kung saan ang bilang isa (1) ang pinakamahalaga para sa iyo.

______ 1. Maglaro ng *online games* kasama ang mga kaibigan.
______ 2. Dumalo sa *community meeting* kasama ang pamilya.
______ 3. Magbasa ng mga artikulo hinggil sa usaping pangkapayapaan.
______ 4. Mag-*movie marathon* kasama ang mga kaibigan.
______ 5. Magpadala ng tulong sa mga nawalan ng tahanan.
______ 6. Manood ng bagong palabas sa *Netflix*.
______ 7. Tumulong sa pag-organisa ng mga palihan.
______ 8. Sumama sa bike trip ng mga kaibigan.
______ 9. Tumulong sa feeding program sa komunidad.
______ 10. Manood ng bagong pelikula sa sinehan.

Mga Pamprosesong Tanong:
1. Alin sa mga kilos ang binigyan mo ng una at ikasampung ranggo? Bakit?
2. Ano ang iyong napansin sa mga kilos?
3. Batay sa resulta ng gawain, ano ang mas matimbang sa iyo? Ano ang nais iparating nito upang mapagbuti mo ang iyong gampanin?

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

Layunin: Makilala ang mga konseptong may kinalaman sa mga sariling tungkulin sa pakikilahok ng pamilyang kinabibilangan sa mga gawaing pangkapayapaan.

**ISAAYOS ANG MGA TITIK**

Panuto: Basahin ang mga pahayag at isaayos ang mga salita na tinutukoy nito sa loob ng kahon.

1. Mga organisasyon na hindi bahagi ng gobyerno ngunit may adhikain para sa kalikasan at mahihirap.

| | |
|---|---|
| ONN-GVOENRMNET ORNAIIGNTAZOS | |

2. Isang organisadong pagtitipon ng mga tao upang talakayin ang mga isyu o magplano ng mga gawain.

| | |
|---|---|
| PGUNLPAOUPG | |

1. (Maaaring iba't iba ang kasagutan) Ang pagbibigay ko sa kanila ng bilang ay nakabatay sa aking kakayahan at prayoridad ko sa araw-araw.
2. Mayroong mga libangan at mayroon din namang ukol sa pakikisangkot sa mga gawaing pangkapayapaan.
3. Sa aking palagay, pantay lang ang aking pagbibigay halaga sa mga kilos na naglilibang at tumutulong sa akin upang maging matungkuling mag-aaral at miyembro ng aking pamilya na may layuning magsulong ng kapayapaan.

**Unang Araw**
**Paglalahad ng Layunin**
**Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**
**Isaayos ang mga Titik**
**Susi sa Pagwawasto:**
1. Non-government Organizations
2. Pagpupulong
3. Palihan
4. Seminar
5. Tungkulin

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Isang gawain na nilalayong pagbutihin ang kakayahan o kasanayan ng mga indibidwal o pangkat.<br><br>PIAALHN \| ______<br><br>4. Isang uri ng pagpupulong kung saan nagbibigay ng presentasyon ang mga eksperto ukol sa isang partikular na paksa.<br><br>SNMEAIR \| ______<br><br>5. Ang mga responsibilidad o gawain na dapat gampanan o tuparin ng isang tao o pangkat batay sa kanilang posisyon o papel.<br><br>TGIKUNULN \| ______ | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Pakikilahok ng Pamilya sa mga Gawaing Pangkapayapaan ng Bayan**<br>Sa kabila ng maraming kaso na kaguluhan sa iba't ibang panig ng mundo, may pangangailangang isulong ang kapayapaan higit lalo sa sektor ng mga kabataan. Produkto ng komunidad ang mga kabataan na mga pangunahing ahente ng pagsusulong ng kapayapaan. Mayroong mahalagang papel na ginagampanan ang mga kabataan sa proseso ng kapayapaan. Sila ang mayroong malinaw na pananaw ukol sa kapayapaan sa kanilang mga bansa at komunidad. Sila rin ay may determinasyon upang makamit ang mga layuning ito.<br>Ayon kay Soma Bhowmick, ang pagiging bahagi ng pagbabago ng kabataan ay mahalaga upang ipanibagong anyo ang kanilang pananaw sa mga tao, tradisyon, relihiyon, at paniniwala. Ang kanilang pagkilos at pakikilahok sa mga programang pangkapayapaan ay nagdudulot ng kaalaman at kasanayan sa mapayapang relasyon sa iba.<br>Mahalaga rin na muling suriin ng mga kabataan ang kanilang kakayahan sa pamumuno at pag-unawa sa mga proseso ng paggawa ng desisyon. Ang mga programa sa pagpapaunlad ng pamumuno at ang pakikilahok sa mga proyektong pangkapayapaan ay magbibigay bagong direksiyon ng kanilang enerhiya mula sa mga negatibong gawain tungo sa mga makabuluhang proyekto.<br>Hindi lamang dapat tungkol sa pagtigil ng karahasan ang mga gawaing pangkapayapaan kung hindi pati na rin pagbibigay solusyon sa ugat ng hidwaan sa pamamagitan ng edukasyon, hanap-buhay, at pagbibigay ng oportunidad sa mga kabataan upang pagbutihin ang kanilang kasanayan. | |

| | | |
|---|---|---|
| | Sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga istruktura na nagtataguyod ng pakikilahok ng kabataan, masisiguro ang kanilang aktibong pakikilahok sa mga desisyon at aktibidad na nakakaapekto sa kanilang kapakanan.<br><br>**IKALAWANG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Pagsasanay ng mga Sariling Tungkulin sa Pakikilahok ng Pamilyang Kinabibilangan sa mga Gawaing Pangkapayapaan**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Mayroong nakaatas na tungkulin na dapat mong pagsanayin bilang bahagi ng kabataang nagtataguyod ng kapayapaan. Ito ay magpalalakas ng pakikilahok ng iyong pamilya sa gawaing pangkapayapaan. Ang **tungkulin** ay tumutukoy sa mga bagay na inaasahang magagawa o maisasakatuparan.<br><br>**Pagdalo sa mga Pagpupulong.** Dumalo sa mga pagpupulong sa barangay o komunidad upang malaman ang mga suliranin at proyektong may kinalaman sa kapayapaan.<br>**Pakikiisa sa mga Gawaing Pangkomunidad.** Sumali sa mga gawain at proyekto tulad ng clean-up drives, tree planting, at iba pang programa na nagtataguyod ng kapayapaan at kaayusan sa komunidad.<br>**Pagtataguyod ng Kapayapaan sa Loob ng Tahanan.** Magpakita ng paggalang sa mapapagitan ng maayos at mahalumanay na pakikipag-usap. Maging bukas ang isipan sa iba't ibang opinion at pananaw. Maaari ring tumulong sa mga gawaing bahay upang mapanatili ang kaayusan at kalinisan sa tahanan. Nakatutulong ang maayos na kapaligiran upang mapabuti ang pakiramdam ng isang tao.<br>**Pag-aaral at Pagtuturo ng Kapayapaan.** Magbasa tungkol sa mga konsepto ng kapayapaan at paano ito maisasabuhay sa pang-araw-araw na gawain. Mainam kung maibabahagi mo ang iyong kaalaman sa iyong upang sila rin ay mahikayat na makisangkot sa mga gawaing pangkapayapaan.<br>**Pagsuporta sa mga Proyekto ng Pamahalaan at NGOs**. Magboluntaryo sa mga proyekto at kampanya na naglalayong mapanatili ang kapayapaan sa komunidad. Sumali sa mga seminar, palihan, at iba pang gawaing pampagkatuto na nagtataguyod ng kapayapaan at kaayusan.<br>**Pagpapalaganap ng Positibong Relasyon.** Makipagkaibigan. Iwasan ang pakikipagtalo at maghanap ng mapayapang paraan ng paglutas sa hindi pagkakaunawaan. | **Ikalawang Araw**<br>**Paglinang at Pagpapalalim**<br>**Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Tukuyin ang Tungkulin**<br>**Mga Posibleng Kasagutan sa mga Pamprosesong Tanong:**<br>1. (Maaaring iba't iba ang kasagutan.)<br>2. Maaaring magtulungan ang mga pamilya sa pamamagitan ng pagsasagawa ng regular na pagpupulong at koordinasyon para sa mga proyekto ng kapayapaan.<br>3. Ang kakulangan sa oras ay isang hamon, ngunit maaari itong malagpasan sa pamamagitan ng tamang pagpaplano at paglalaan ng oras para sa mga gawaing pangkapayapaan. |


Bilang mag-aaral at miyembro ng iyong pamilya, mahalaga ang iyong papel sa pagpapalaganap ng kapayapaan sa loob ng tahanan at komunidad. Ang aktibong pakikilahok at pagpapakita ng magandang halimbawa ay makakatulong sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan sa iyong paligid.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Layunin: Makabuo ng mga sariling tungkulin sa pakikilahok ng pamilyang kinabibilangan sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan.

**TUKUYIN AKING TUNGKULIN**

Panuto: Isipin ang iba't ibang paraan ng pagsasagawa ng iyong tungkulin sa pakikilahok ng iyong pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan sa inyong komunidad. Magbigay ng maikling paliwanag o halimbawa sa bawat tungkulin.



**Rubrik para sa *Graphic Organizer***

| Pamantayan | Mahusay (3) | Katamtaman (2) | Nangangailangan ng Pagsasaayos (1) |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Nagpakita ng anim na detalyadong tungkulin sa mga gawaing pangkapayapaan. | Nagpakita ng apat hanggang limang detalyadong tungkulin sa mga gawaing pangkapayapaan. | Nagpakita ng tatlo o mas kaunti pang detalyadong tungkulin sa mga gawaing pangkapayapaan. |
| **Kalinawan** | Ang mga tungkulin ay madaling maunawaan. | May ilang mga tungkulin (tatlo o mas kaunti) na hindi maunawaan. | Maraming tungkulin ang hindi maunawaan. |
| **Kaugnayan** | Ang lahat ng tungkulin ay direktang may kaugnayan sa kapayapaan ng komunidad. | May ilang mga tungkulin (tatlo o mas kaunti na wala gaanong kaugnayan sa kapayapaan ng komunidad. | Maraming tungkulin ang walang kaugnayan sa kapayapaan ng komunidad. |
| **Pagkamalikhain** | Nagpamalas ng makabagong ideya. | May ilang mga tungkulin (tatlo o mas kaunti) na nagpamalas ng makabagong ideya. | Maraming tungkulin ang ginaya lang sa iba. |
| **Pag-aayos** | Maayos at malinis ang pagkakagawa ng graphic organizer. | Maayos ang pagkakagawa ng graphic organizer ngunit hindi ito gaanong malinis. | Hindi maayos at malinis ang pagkakagawa ng graphic organizer. |

<table>
<tr><td></td><td>Mga Pamprosesong Katanungan:<br>1. Ano ang pinakamahalagang tungkulin na iyong inilagay sa iyong graphic organizer at bakit mo ito itinuturing na mahalaga para sa kapayapaan ng komunidad?<br>2. Sa paanong paraan maaaring magtulungan ang iyong pamilya at ang iba pang pamilya sa inyong komunidad upang mas maging matagumpay ang mga gawaing pangkapayapaan?<br>3. Ano ang mga hamon na maaaring kaharapin ng inyong pamilya sa pakikilahok sa mga gawaing pangkapayapaan, at paano ninyo ito maaaring malagpasan?<br><br>3. Paglalapat at Pag-uugnay<br><br>Sa pamamagitan ng pagtupad sa sariling tungkulin sa pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan ay mas nagiging matungkulin kang indibidwal at mamamayan. Natututo kang maglaan ng oras at lakas para sa kabutihang panlahat. Nagkakaroon ka ng mas malalim na pag-unawa sa kahalagahan ng kapayapaan at pagkakaisa sa iyong paligid. Dagdag dito, nagsisilbi kang huwaran sa iyong kapuwa mag-aaral, kaibigan, at kapuwa. Higit sa lahat, nabibigyang diin ng iyong kilos ang kahalagahan ng pagkakaisa sa pamamagitan ng pagpapakita ng malasakit tungo sa mapayapa at maunlad na komunidad.</td><td></td></tr>
<tr><td>D. Paglalahat</td><td>1. Pabaong Pagkatuto<br><br>Layunin: Maipaliwanag sa sariling pang-unawa ang mga konsepto sa aralin.<br><br>3-2-1<br><br>Panuto: Punan ng sagot ang bawat pahayag.<br><br>1. Tatlong bagay na dapat kong tandaan sa pagsasanay ng mga sariling tungkulin<br><table><tr><td></td><td></td><td></td></tr></table><br>2. Dalawang bagay na maaaring magbigay sa akin ng inspirasyon sa pagsasanay ng mga sariling tungkulin<br><table><tr><td></td><td></td></tr></table></td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Isang hakbang upang mapalakas ang aking pagsasanay ng mga sariling tungkulin | |

| |
|---|
| |

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

Layunin: Masuri kung napagsasanay ang mga sariling tungkulin sa pakikilahok ng pamilyang kinabibilangan sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan sa pang-araw araw na gawain.

**MAIKLING REPLEKSIYON**

Panuto: Sagutan ang sumusunod na mga katanungan.

1. Basahin ang sipi mula kay Lao Tzu.

> Kung mayroong kapayapaan sa mga bansa,
> Dapat may kapayapaan sa mga lungsod.
> Kung mayroong kapayapaan sa mga lungsod,
> Dapat may kapayapaan sa pagitan ng mga magkakapitbahay.
> Kung mayroong kapayapaan sa pagitan ng mga magkakapitbahay,
> Dapat may kapayapaan sa tahanan.

Paano mo iuugnay ang kasabihang ito sa iyong mga tungkulin sa pakikilahok ng pamilyang kinabibilangan sa mga gawaing pangkapayapaan?

________________________________________________

________________________________________________

2. Paano mo masusukat ang iyong pag-unlad sa pagsasakatuparan ng mga sariling tungkulin sa iyong pamilya para sa pangkapayapaang bayan?

________________________________________________

________________________________________________

<table>
<tr><th colspan="2">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td>
Ikatlo Hanggang Ika-apat na Araw<br><br>
1. Pagsusulit<br><br>
Layunin: Maisagawa ang sariling tungkulin sa pakikilahok ng pamilyang kinabibilangan sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan.<br><br>
LARAWANG SANAYSAY<br><br>
Panuto: Kumuha ng mga anim na larawang nagpapakita ng iyong pagsasakatuparan sa mga tungkuling iyong inilagay sa iyong graphic organizer sa gawaing 'Tukuyin ang Tungkulin' at magsulat ng maikling sanaysay ukol dito gamit ang mga gabay na tanong. Gumamit ng aplikasyon sa pagbuo ng larawang sanaysay. Sumangguni sa rubrik para sa pagbibigay ng marka sa iyong gawain.<br><br>
Mga Gabay na Tanong:<br>
1. Ano ang kuwento sa likod ng bawat larawan na iyong pinili para ipakita ang iyong pagsasakatuparan sa mga tungkulin sa pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan?<br>
2. Paano mo natamo ang iyong mga natutuhan at karanasan sa bawat?<br>
3. Paano mo ito maisasalin at magagamit sa iba pang aspeto ng iyong buhay?<br><br>
Rubrik para sa Larawang Sanaysay<br>
<table>
<tr><th>Pamantayan</th><th>Mahusay (3)</th><th>Katamtaman (2)</th><th>Nangangailangan ng Pag-unlad (1)</th></tr>
<tr><td>Nilalaman</td><td>Nakasasagot ang larawang sanaysay sa lahat ng gabay na katanungan. Mayroong ugnayan sa pagitan ng</td><td>Isa hanggang dalawang gabay na katanungan lamang ang nasasagot ng larawang sanaysay. Mayroong</td><td>Walang naisasagot ang larawang sanaysay sa anumang gabay na katanungan. Walang ugnayan sa pagitan ng larawan at</td></tr>
</table>
</td><td>
Ikatlong Araw<br>
Pagtataya<br>
Pagsusulit<br>
Larawang Sanaysay<br>
1. Maglaan ng dalawang araw sa mga mag-aaral upang mabuo nila ang kanilang larawang sanaysay.<br>
2. Ipakita ang halimbawa ng larawang sanaysay.<br>
3. Ipaliwanag na kailangan nilang gamitin ang mga gabay na tanong para sa pagbuo ng kanilang sanaysay sa bawat larawan.<br>
4. Maaaring ipagawa sa tahanan ang gawain kasama ang kanilang pamilya.<br>
5. Maaaring gumamit ng Microsoft Word, Canva o print media ang mga mag-aaral batay sa kanilang kapasidad.<br><br>
Ika-apat na Araw<br>
Pagtataya<br>
Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>
Liham Para sa Aking Pamilya<br>
1. Maaaring ipakita ang modelo ng liham sa mga mag-aaral para sa gabay nila sa pagsulat.<br>
2. Maaari itong gamitin bilang template. Maaari ring sila mismo ang sumulat ng liham sa kanilang Sagutang Papel.
</td></tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | larawan at sanaysay. Malinaw ang nais iparating na ideya o mensahe ng mga ito. | ugnayan sa pagitan ng larawan at sanaysay ngunit nangangailangan pa itong suriin nang mabuti. Malinaw ang nais iparating na ideya o mensahe ng mga ito. | sanaysay. Hindi malinaw ang nais iparating na ideya o mensahe ng mga ito. | |
| | **Pagiging Malikhain** | Gumamit ng *photo-editing apps* sa larawan, simbolismo sa paglalahad ng sanaysay, at iba pang uri ng media upang mapaganda ang larawang sanaysay. | Gumamit ng *photo-editing apps* sa larawan, at simbolismo sa paglalahad ng sanaysay. | Walang ginamit na anumang uri ng media upang mapaganda ang larawang sanaysay. Hindi naging malikhain sa paglalahad ng sanaysay. | |
| | **Teknikalidad ng Larawan at Paraan ng Pagsusulat** | Malinaw ang lahat ng larawan. Kaaya-aya sa mata kulay ng desinyong mga ginamit. Gumamit ng wastong balarila at bantas. Ang sanaysay ay binubuo ng isa (1) hanggang tatlong (3) pangungusap. | Iilang larawan lamang ang malinaw ngunit kaaya-aya sa mata ang desinsyong ginamit. Mayroong isa (1) hanggang tatlong (3) kamalian sa balarila at bantas. Ang sanaysay ay binubuo ng isa (1) hanggang tatlong (3) pangungusap. | Walang malinaw na larawan. Hindi kaaya-aya ang mga desinyong ginamit. Mayroong apat (4) at higit pang kamalian sa balarila at bantas. Ang sanaysay ay hindi binubuo ng isa (1) hanggang tatlong (3) pangungusap. | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Pagpapasa sa Itinakdang Araw at Oras** | Nakapagpasa ng awtput sa itinakdang araw at oras. | | |

**IKA-APAT NA ARAW**

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

Layunin: Mahimok ang kinabibilangang pamilya upang maisakatuparan ang sariling tungkulin sa pakikilahok ng pamilyang sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan.

**LIHAM PARA SA AKING PAMILYA**

Panuto: Pumili ng isang gawaing may kinalaman sa pagsusulong ng kapayaan. Sumulat ng liham na nagpapakita ng iyong interes sa gawaing ito at panghihikayat sa iyong pamilya na makisangkot kasama mo.

Mahal kong pamilya,

Nais kong ibahagi sa inyo ang isang mahalagang gawain na may kinalaman sa pagsusulong ng kapayapaan. ____________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Naniniwala ako na bilang isang pamilya, may malaking kapangyarihan tayo na maging ehemplo at tagapagtataguyod ng pagkakaisa at pagmamahalan sa ating komunidad. Sa inyong suporta at pagtitiwala, malaki ang magiging epekto natin sa iba pang mga pamilya at sa buong bayan.

Inaanyayahan ko kayong sumali at magkaisa sa pagtupad ng ating mga tungkulin para sa kapayapaan. Umaasa ako na magiging mainit ang inyong pagtugon sa panawagan na ito.

Lubos na nagmamahal,

_________________________

<table>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td>
</tr>
</table>